ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVII Blg. 13
Hulyo 7, 2016
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Lahatang-panig na magpalakas sa pagharap sa rehimeng Duterte

Gamitin natin ang lahat ng pagkakataong ibinubukas sa ilalim ng bagong luklok na si President Duterte para lahatang-panig na palawakin at palakasin ang Partido, ang BHB, mga organisasyong masa at ang mga organo ng demokratikong kapangyarihan ng bayan.

Sadyang malaki ang potensyal na tuluy-tuloy na mailuwal at mapalakas ang isang progresibo at maka-mamamayang alyansa sa pagitan ni Duterte at mga pambansa-demokratikong pwersa.

Ikinalulugod ng kilusang pambansa-demokratiko na mismong si Duterte ang nagpupundar at nagsusulong ng alyansang ito. Sa kabilang panig, batid rin nito na si Duterte sa ngayon ay tumatayong hepe ng reaksyunaryong estado na dinodominahan ng imperyalismong US, malalaking komprador-burges at panginoong maylupa.

Sinasalubong ng kilusang pambansa-demokratiko ang mga alok ni Duterte na pakikipagtulungan upang mabuo ang isang alyansang progresibo at maka-mamamayan bilang dagdag na kaparaanan para isulong ang sigaw ng bayan para sa pambansang kalayaan at panlipunang katarungan.

Sa kabilang panig, mulat ang mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa sa limitasyon ng pakikipag-alyansang ito. Mulat rin sila sa peligrong matali, mahigop at malunod sa gawaing ito.

Mulat rin sila na nananatiling dominante ang mga reaksyunaryong naghaharing uri at na maliit na maliit pa relatibo rito ang ibinubukas na potensyal ng alyansang progresibo at makabayan. Ang progresibong aspeto ni Duterte ay tinutumbasan at pilit na tinatabunan ng imperyalismong US at mga papet na naghaharing uri.

Kung kaya dapat walang-pagod na patatagin ng rebolusyonaryong kilusan at ng hayag na kilusang masa ang nagsasarili nitong lakas. Ang pagsusulong ng independiyenteng lakas ng mamamayan ang susing salik para umiral at maging mabisang sandata ang progresibong alyansa sa pagsulong ng kanilang interes at kapakanan. Kailangan din ang gayong nagsasariling lakas para tuluy-tuloy na naisusulong ang mga pakikibakang masa sa kalunsuran at digmang bayan sa kanayunan mayroon man o walang alyansa.

Upang epektibong harapin at samantalahin ang bagong sitwasyong ito, higit sa lahat, dapat ibayong palawakin at palakasin ang Partido. Buuin at isakatuparan ang plano sa konsolidasyon sa ideolohiya, pulitika at organisasyon laluna para sa susunod na anim na buwan. Isagawa ang mga espesyal na Marxista-Leninistang pag-aaral para patalasin ang paggagap sa partikularidad ng kasalukuyang sitwasyon at mga tungkulin sa pagsulong ng rebolusyon. Kaakibat nito, tuluy-tuloy na ipatupad ang tatlong antas na programa sa edukasyon.

Ang umiiral na sitwasyon ay nagbubukas ng napakalaking bentaheng pampulitika para sa mga pwersang pambansa-demokratiko.



Ang adyenda ng bayan at ang kabuuang linyang pampulitika ng pambansang demokrasya ay nasa sentro ngayon ng pambansang pampulitikang talakayan, diskurso at debate.

Dapat puspusang magpakatalas ang lahat ng kasapi ng mga organisasyong masa, mga Pulang mandirigma at kumander ng BHB at mga kasapi at kadre ng Partido sa linya at pagsusuri sa malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan at sa programa ng PKP para sa demokratikong rebolusyong bayan. Pukawin ang pinakamalawak na bilang ng mamamayan sa pangangailangang kumilos at makibaka para sa pambansa at panlipunang paglaya.

Iluwal natin ang malawak na kilusang edukasyon at palahukin ang wala pang kapantay na bilang ng mamamayan sa mga pag-aaral sa loob ng darating ng mga buwan. Kunin ang suporta at pakikipagtulungan ng malawak na mga sektor, organisasyon, institusyon at maging mga upisyal ng reaksyunaryong gubyerno na handang tumulong sa kilusang edukasyon para mulatin ang mata ng bayan.

Itatag ang pambansa-demokratikong mga paaralang bayan sa mga baryo, paaralan, sa mga pabrika at komunidad ng mga mala-proletaryado, tanggapan ng gubyerno, pribadong upisina, mga call center, simbahan at iba pang lugar. Tiyakin ang suplay ng mga libro at iba't ibang babasahin, pati na rin ng mga kagamitan para mapahusay ang pagsasagawa ng malalawak na pang-masang pag-aaral.

Tuluy-tuloy at mabilis na palawakin ang BHB. Kaakibat ng paglulunsad ng rebolusyong agraryo, malawakang magrekrut ng mga kabataan mula sa hanay ng masang magsasaka. Isagawa rin ang malawakang pagpapatala ng mga kabataan sa kalunsuran para sumailalim sa pagsasanay bilang bagong Pulang mandirigma. Malawakang ipropaganda ang armadong pakikibaka. Ibayong palawakin at patatagin ang mga milisyang bayan.

Palakasin ang kakayahan ng BHB sa militar, pulitika, kultura at ekonomya. Isagawa ang tuluy-tuloy na pag-aarmas at pagsasanay militar ng BHB. Patuloy na maglunsad ng mga taktikal na opensiba at targetin ang sagadsaring mga yunit ng kaaway na may pasistang mga krimen laban sa bayan. Disarmahan at arestuhin ang pinakamalalaking kriminal na sangkot sa pagbebenta ng iligal na droga. Ilunsad ang mga hakbangin para sa pagtatanggol ng kalikasan laban sa mapanirang mga operasyon sa pagmimina, pagtotoroso at pagpaplantasyon.

Ilang ulit na palawakin at patatagin ang baseng masa. Sikaping abutin ang walang kasimbilis na pagpapalawak at pagpapalakas ng mga organisasyong masa sa hanay ng mga magsasaka, kababaihan at kabataan. Ilunsad ang mga kampanya at pakikibakang antipyudal. Ilunsad ang mga kampanya sa produksyon.

Mabilis na palawakin ang pag-oorganisa at pagpapakilos na mga unyong manggagawa. Samantalahin ang paborableng sitwasyon para sa pagsusulong ng mga pakikibaka laban sa kontraktwalisyon at pagtataas ng sahod upang abutin ang daan-daan libong mga manggagawa. Ilang ulit na palawakin at patatagin ang mga organisasyong masa at kilusang edukasyon sa mga maralitang komunidad, mga kampus, upisina ng gubyerno, simbahan at iba pa.

Palawakin at patatagin ang kilusang lihim at pangalagaan ang kaligtasan ng Partido, ng mga kadre at aktibista.

Samantalahin natin ang pakikipag-usapang pangkapayapaan ng NDFP sa rehimeng Duterte. Pakilusin ang daan-daan libong mamamayan para suportahan ang 12-puntong programa ng NDFP at ang panawagan para sa makatarungan at matagalang kapayapaan. Sa gayon, lalong higit na mapalalakas ang progresibong aspeto ni Duterte at ang potensyal na mabuo ang mas matatag na alyansa sa anyo ng mga pormal na kasunduan na magsisilbing pangkalahatang programa ng pagkilos ng gayong alyansa. AB


ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 13 | Hulyo 7, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*


## Nilalaman


**Editoryal:** Lahatang-panig na magpalakas sa pagharap sa rehimeng Duterte 1

*People's agenda,* inihapag kay Duterte 3

Mga paghahanda sa *peacetalks* 3

40,000 nagmartsa sa Davao 4

Kampanya laban sa iligal na droga 5

Palayain si Ka Lando! 5

US Pacific Partnership, tinutulan 6

Mga laban sa mina, tagumpay 6

Pinsalang dulot ng neoliberalismo 7

Katutubo, biktima ng militarisasyon 7

Tangkang pagpaslang, kinundena 7


"Normalisasyon" ng relasyong US-Cuba 10

Brexit: Salamin ng disgusto at krisis 11



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# People's Agenda, inihapag sa rehimeng Duterte




Masigla at positibo—ito ang paglalarawan ng mga dumalo sa People's Summit sa University of the Philippines sa Diliman, Quezon City noong Hunyo 29. Mahigit isang libong kinatawan ng mga sektor at organisasyon ang nagtipon para pagtibayin ang Adyenda ng Mamamayan o People's Agenda na magiging batayan ng pakikipag-ugnayan nila sa papasok na rehimeng Duterte.

Nilaman ng People's Agenda ang 15-puntong programa para sa makabayan at progresibong pagbabago at mas detalyadong programa na maisasagawa sa ilalim ng administrasyon ni Duterte, sa unang 100 araw nito sa panunungkulan. Sa partikular, nahati ang agenda ng mamamayan sa limang aspeto: ekonomya, patakarang panlipunan, kapayapaan at karapatang-tao, pagsugpo sa korapsyon, at paggugubyerno at patakarang panlabas.

Bago ang People's Summit, naglunsad ng mga asembliya at konsultasyon ang mga sektor at rehiyon upang tipunin ang iba't ibang kahingian at panawagan ng mamamayan. Ang National People's Summit na ginanap sa UP Diliman ang kulminasyon ng mga pagtitipong ito.

Ang mga organisasyon mula sa Southern Tagalog at Central Luzon ay naglunsad din ng *caravan* bago dumugtong sa bulto ng mobilisasyon sa Metro Manila para sa National People's Summit at sa malaking pagkilos noong Hunyo 30, kasabay ng inagurasyon ni Pangulong Duterte. Nagpadala rin ng mga kinatawan mula sa Bicol, Visayas at Mindanao.

"Ang pagkilos ay bilang suporta at pagtulak sa maka-mamamayang mga pahayag ni Duterte, usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GPH at NDFP, pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal, at adyenda ng mamamayan para sa tunay na pagbabago," ayon kay Renato Reyes, pangkalahatang kalihim ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan).

Mahigit 7,000 kasapi ng iba't ibang organisasyon at tagasuporta ng adyenda ng mamamayan ang dumalo sa pagkilos na ginanap sa Mendiola, Manila.

Dagdag pa ni Reyes, sa minimum ay may anim na isyu na maaaring pagkaisahan ang mamamayan at administrasyong Duterte: pagbabawal ng kontraktwalisasyon, pagwawakasi ng mapaminsalang pagmimina, pamamahagi ng anim na milyong ektaryang lupaing pampubliko sa mga magsasaka, ligtas na pag-uwi ng mga Lumad sa kanilang mga komunidad, pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal, at pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan.

Pagkatapos ng programa, inanyayahan ni Duterte sa loob ng Malacañang ang mga aktibista upang tanggapin ang People's Agenda at makipagkonsultahan sa mga lider ng People's Summit. Tumagal ng isang oras ang kanilang talakayan. Bandang hapon, humarap si Duterte sa mga kinatawan ng progresibong organisasyon sa Tondo, Maynila.

Samantala, isang araw matapos ang pag-uusap ng grupo sa Malacañang, itinalaga naman ni Pangulong Duterte si Liza Maza bilang tagapamahala ng National Anti-Poverty Commission.

Ani Maza, prayoridad niya ang pagtugon sa pangangailangan ng mamamayan sa kanayunan. AB

**Adyenda ng Mamamayan**

1. Itaguyod ang pambansang soberanya at teritoryal na integridad
2. Igalang ang karapatang pantao
3. Muling igiit ang soberanyang pang-ekonomya
4. Ilunsad ang pambansang industriyalisasyon
5. Ipatupad ang tunay na reporma sa lupa
6. Itaas ang sahod at pamumuhay ng mga manggagawa
7. Palawakin ang serbisyong panlipunan
8. Itigil ang pandarambong at lahat ng anyo ng katiwalian at korapsyon
9. Bawasan ang badyet militar at ilaan ito sa pagpapaunlad ng ekonomya at serbisyong panlipunan
10. Itaguyod ang patriyotiko, demokratiko, siyentipiko at progresibong sistema ng edukasyon at kultura
11. Itaguyod ang pagkakapantay sa kasarian at bakahin ang diskriminasyong sekswal at pangkasarian
12. Tiyakin ang matalinong paggamit ng mga natural na yaman at pangalagaan ang kalikasan
13. Igalang ang karapatan ng mga pambansang minorya
14. Ipagpatuloy ang negosasyon sa kapayapaan sa NDFP at kumpletuhin ang sa MILF
15. Magpursige sa isang independyenteng patakarang panlabas

# Mga paghahanda sa usapang pangkapayapaan



MAAARING SA HULING linggo na ng Hulyo masimulan ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Pilipinas (GPH) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Ayon kay Fidel Agcaoili ng NDFP Negotiating Panel, ang pagkaantalang ito ay resulta ng pangangailangan ng mas mahabang panahon sa pagproseso ng pagpapalaya sa mga konsultant ng NDFP.

Hihingin din ng NDFP sa GPH na ipatanggal nito sa US ang mga pangalan ng Partido, Bagong Hukbong Bayan, at ni NDFP Chief Political Consultant Jose Maria Sison sa listahan ng mga "terorista." Paliwanag ni Agcaoili, ang gubyerno ng Pilipinas sa panahon ng rehimeng Arroyo ang responsable sa pagpapabilang ng mga rebolusyonaryo sa listahan ng US.

Ang pananatili ng PKP, BHB, at ni Sison sa naturang listahan ay malaking hadlang sa pag-uwi ng huli sa Pilipinas. Ang posibilidad na ito ay pinalulutang ng GPH upang makapagpulong umano sina Sison at Duterte.

Ayon kay Agcaoili, dapat magkaroon ng katiyakan mula sa US na hindi ito manghihimasok sa anumang paraan upang idiskaril ang negosasyong pangkapayapaan. Aniya, dapat mayroong garantiya mula sa mga gubyernong Dutch, Norwegian, at US na irerespeto ang soberanya ng mamamayang Pilipino sa kanilang hangaring magkaroon ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa pamamagitan ng pagpahintulot na makauwi si Sison nang walang hadlang.

Samantala, optimistiko naman si Sison sa hinaharap ng usapang pangkapayapaan sa gubyernong Duterte. Aniya, dapat "samantalahin ang bagong kalagayan kung saan ang lumulubhang krisis ng naghaharing sistema, ang patuloy na paglakas ng rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan, at ang kabiguan ng mga nagdaang rehimen ay nagluwal ng isang presidenteng matapang at nagmamalaking siya ang unang Kaliwang presidente ng Pilipinas." Binanggit din ni Sison na si Duterte ay handang magpatibay at magpatupad ng mga kinakailangang reporma para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. AB

# 40,000 nag-martsa sa Davao para sa kapayapaan

AABOT SA 40,000 mamamayan mula sa iba't ibang sektor at bahagi ng Mindanao ang nagtipon sa "Pukaw Kalinaw: Unity for Justice and Lasting Peace," ang dalawang-araw na aktibidad para sa pag-aaral ng mga komunidad at iba't ibang sektor sa mga ugat ng armadong labanan.

Tampok sa aktibidad ang mga talakayan, kultural na pagtatanghal at programa na dinaluhan ng mga kinatawan ng mga negotiating panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at rehimeng Duterte. Nagmartsa sa syudad ang mga dumalo noong Hunyo 29, upang ipahayag ang kanilang suporta sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan.




Bago nito, ginunita ng mga aktibista ang unang taon ng pagpaslang kay Leoncio Pitao (Ka Parago) sa Barangay Pañalum, Paquibato District noong nakaraang taon.

Ito na ang pinakamalaking pagtitipon sa rehiyon mula noong 1984, ani DOLE Undersecretary Joel Maglunsod. Pinangunahan ng Exodus for Justice and Peace (EJP) ang mga aktibidad. Dumalo rito ang mga magsasaka, Lumad at iba pang sektor mula sa Caraga, Central Mindanao, Western Mindanao at Soccsksargen.

Kailangang matugunan ang ugat ng armadong pakikibaka, kabilang ang pang-ekonomyang reporma lalo na ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, pahayag ng EJP. Matapos ang martsa, inilunsad ang peace forum sa Almendras Gym. Inilahad ng mga kinatawan ng mga sektor sa Mindanao ang kanilang adyenda na bumuo sa Mindanao People's Peace Agenda.

Kabilang sa adyenda ang: pagtanggal ng militar at pag-disarma sa mga paramilitar sa mga komunidad ng Lumad; pagresolba sa kaso ng iligal na pagtanggal sa mga manggagawa ng Nakayama Technology Corporation, Nakashin Davao International Corporation at Radio Mindanao Network; pagpapalaya sa mga bilanggong Moro na inakusahang kasapi ng Abu Sayyaf; at kagyat na pagpapalayas sa malalaki at mapaminsalang mina sa Mindanao.

Inihain ang Mindanao People's Peace Agenda kay Fidel Agcaoili ng NDFP at kay Silvestre Bello III, pinuno ng GPH panel na dumalo sa aktibidad.

Sa Butuan City, nagmartsa ang 3,000 kasapi ng mga progresibong organisasyon para ipahayag ang kanilang suporta sa magaganap na usapang pangkapayapaan, ipanawagan ang pagpanagot sa nagdaang rehimeng Aquino at itulak ang mga hinaing ng mamamayan sa CARAGA. AB

# Ang kampanya ng PKP laban sa iligal na droga

MALAON NANG nagpapatupad ang mga rebolusyonaryong pwersa ng kampanya laban sa iligal na droga. Masigasig na ipinatutupad ng BHB ang utos ng Komite Sentral ng PKP na disarmahan at arestuhin ang pinakamasahol na mga kriminal, kabilang na ang pinakamalalaking nagtutulak ng droga, upang ipailalim sila sa paglilitis at makatarungang parusa.

Ang mga ito ay nasa matataas na pusisyon ng AFP at PNP, kasabwat ang mga susing upisyal sa lokal at pambansang burukrasya. Nakahandang labanan ng BHB ang sinumang armadong lalaban sa mga pag-aresto.

Para sa PKP, nagsisilbi sa naghaharing sistema ang paglaganap ng iligal na droga laluna ang shabu, at ang kaakibat na pagdami ng mga insidente ng karumal-dumal na krimen. Sa kasaysayan, sadyang hinikayat ng mga mananakop at naghaharing uri ang paglaganap ng droga upang gawing manhid ang mamamayan sa malulubhang epekto ng kahirapan, kagutuman at karahasan ng estado.

Ang paggamit ng droga ay sumisira sa pagkakaisa ng mamamayan at humahadlang sa kanila na epektibong maglunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka. Ginagamit ng AFP ang droga bilang malupit na sandata sa mga operasyong kontrainsurhensya. Saanman may maramihang presensya ng militar sa mga tinaguriang "civil-military operations", hinahayaang lumaganap ang iligal na droga kasabay ang iba pang anti-sosyal na gawain.

Ikinalulugod ng PKP ang panawagan ng rehimeng Duterte sa mga rebolusyonaryong pwersa ng pakikipagtulungan laban sa malawakang pagtutulak ng droga. Habang nag-aantabay sa posibilidad ng pagkakaroon ng mutwal na tigil-putukan sa mga darating na linggo bilang resulta ng mga negosasyon sa pagitan ng NDFP at GPH, makapaglulunsad ang BHB ng mga piling operasyon sa pagtatanggol sa mga karapatan at kagalingan ng mamamayan, laluna laban sa pinakamalalaking sindikatong kriminal at kanilang kasapakat. AB

# Palayain sa Ka Lando!




KINUNDENA NG National Democratic Front-Southern Mindanao Region ang pag-aresto at pagkulong ng AFP sa Pulang Kumander na si Eduardo Genelsa (Ka Lando) noong Hunyo 29 sa Sityo Sangi, Barangay Bongabong, Pantukan, Compostela Valley. Dinakip siya ng magkasanib na mga elemento ng 10th ID, 46th IB, PNP at mga operatiba ng Intelligence Service of the AFP. Pananabotahe ito sa nalalapit na usapang pangkapayapaan, ayon sa NDF-South Mindanao Region (SMR).

Ayon kay Ka Rubi del Mundo ng NDF-SMR, naglulunsad ng espesyal na mga konsultasyon noon si Ka Lando sa mga residente sa isang kinikilalang teritoryo ng NDF sa Pantukan. Gawain niya ang pagkaisahin ang mamamayan hinggil sa usapang pangkapayapaan, gayundin sa wastong kondukta ng Demokratikong Gubyernong Bayan at mga rebolusyonaryong pwersa kapag nagkabisa na ang panukalang tigil putukan.

Dagdag pa ng NDF-SMR, kasalukuyan ding gumagampan si Ka Lando ng imbestigasyon hinggil sa mga operasyon sa karatig-lugar ng isang tukoy na druglord kasapakat ang ilang yunit at upisyal ng AFP. Ito din ay ayon sa atas ng nakatataas na kumand ng BHB bilang katugon na hakbangin ng rebolusyonaryong kilusan laban sa mga druglord at mga sindikatong kriminal.

Sinabi rin ni Ka Rubi na isang imbing plano ang pag-aresto kay Ka Lando na dinisenyo upang hadlangan ang magkatugon na pagsisikap ng rebolusyonaryong kilusan at ng gubyernong Duterte para sa usapang pangkapayapaan. Inilalantad ng pag-aresto kay Ka Lando ang likas na mapandigmang katangian ng AFP na patuloy na sumusunod sa pasistang Oplan Bayanihan ng nagdaang rehimeng US-Aquino.

Mahigpit na iginigiit ng NDF-SMR ang kongkreto at agarang aksyon mula sa gubyernong Duterte na agaran at walang-kundisyon na palayain si Ka Lando, gayundin ang pagpapatigil sa mga operasyong militar at karahasan sa mamamayan.

Samantala, umani ng pagkundena sa *social media* ang paglapastangan ng mga sundalo ng 39th IB sa bangkay ng Pulang kumander na nasawi sa labanan noong Hulyo 1 sa hangganan ng mga barangay ng Basak at Balite sa Magpet, North Cotabato.

Lumaganap sa internet ang mga larawan ng bangkay ni Noel Gulmatico (Ka Jepoy) na ipinaskil sa Facebook ng mamamahayag sa radyo na si Abner Francisco. Isinalarawan ni Francisco ang galit ng pamilya ni Ka Jepoy sa brutal na pagpaslang sa Pulang kumander. Sinabi ni Francisco sa kanyang paskil na: "Dinukot ang dalawang mata, pinutol ang dila, nilaslas ang leeg. Tanggap nila na mamatay ang kanilang kapatid dahil sumapi ito sa rebolusyon pero hindi nila matanggap ang paglapastangan sa bangkay nito..." AB

## US Pacific Partnership sa Albay, tinutulan

SINALUBONG NG multisektoral na protesta ng mga organisasyon sa ilalim ng Bagong Alyansang Makabayan-Bikol ang may 1,000 pinagsanib na tropa mula US, Australia, Malaysia at New Zealand na magsasagawa ng programang "humanitarian" nitong Hunyo 27 sa Legazpi City sa Albay.

Tinaguriang "Pacific Partnership" ang programang nilalahukan din ng mga pwersa ng Philippine Navy sa Southern Luzon, at ang ipinagyayabang ng US na pinakamalaking barkong ospital na USNS Mercy. Nakatakdang mamamalagi sa Albay ang mga dayuhang tropa hanggang sa Hulyo 11.

Ayon kay Pastor Dan Balucio ng Bayan-Bicol, ang nagpapatuloy na presensya ng mga tropang US ay magdudulot lamang ng kaguluhan sa bansa dahil pinatataas nito ang tensyong militar hindi lamang sa prubinsya kundi maging sa Asia-Pacific.

Tinuligsa din ng Albay People's Organization (APO) ang pagpapel ng tropang US, maging ng AFP sa mga aktibidad na *humanitarian* at pagtugon sa sakuna bilang militarisasyon ng nasabing mga aktibidad. Ani Fred Mansos ng APO, sa halip na mga pwersang militar, dapat ay mga tauhan ng Department of Public Works and Highways ang nagsasagawa ng konstruksyon ng mga gusali, gamit ang mga pasilidad at kasangkapan ng gubyerno, at katuwang ang iba pang sibilyang mga ahensya.

Iniulat naman ng mga residente ang matagal nang presensya ng mga tropang US sa Albay bago pa man ang simula ng Pacific Partnership. Ayon pa sa APO, sa bayan ng Daraga, noon pang Mayo 15 ay mayroon nang mga sundalong Amerikano sa mga barangay ng Mabini at Kinawitan, at sa Barangay Comun sa Camalig. Militarisado rin ang palibot ng mga eryang nabanggit. AB

# Mga laban sa minahan, tagumpay

MATAGUMPAY NA napatigil ng itinayong barikada ng mamamayan sa Barangay Didipio, Kasibu, Nueva Vizcaya ang mapaminsalang kumpanyang Oceana Gold Philippines Inc. (OGPI) sa isinasagawa nitong operasyong paghuhukay. Gayundin, napaatras ang operasyon ng malalaking kumpanya sa mina sa Zambales matapos isuspinde ng gubernador dito ang kanilang mga lisensya.

Iniatras ng OGPI ang kanilang mga kagamitan sa ikatlong araw ng pagbarikada ng Samahang Pangkarapatan ng Katutubong Manggagawa at Magsasaka Inc. (SAPAKKMMI), Didipio Earth Savers Multi-Purpose Cooperative (DESAMA), at ng Didipio Barangay Council. (*Tingnan ang Ang Bayan, Hunyo 21, 2016.*) Nakuha rin ng mga nagbarikada ang suporta ng bagong halal na Governor Carlos Padilla na nangakong ipatitigil ang paghuhukay at pagpapalawak ng OGPI.

Gayunpaman, kinikilala ng mga nagprotesta na maaaring pansamantala lamang ang kanilang tagumpay. Ayon kay Ernesto Bobola ng SAPAKKMMI, patuloy silang magiging mapagbantay laban sa maruruming taktika ng OGPI sa pagpupuslit ng mga kagamitan sa lugar. Ayon naman kay Myrna Duyan ng DESAMA, kailangan ding makonsolida ang mga residente at ang buong konseho ng barangay upang manindigan laban sa mapaminsalang pagmimina. Tinatangka ng OGPI na sirain ang pagkakaisa ng taumbaryo sa pamamagitan ng pagmanipula sa mga indibidwal na residenteng nagmamay-ari ng mga lupang target na paghukayan.

Sa Zambales, agad iniutos ng bagong halal na gubernador na si Amor Deloso na isuspinde ang lahat ng operasyong pagmimina sa prubinsya. Ilan sa mga kumpanyang ito, ang Zambales Diversified Metals Co., Filipinas Mining, Benguet Nickel Mining Inc. at Eramen Minerals Corp., ang binarikadahan ng mga residente ng Barangay Bayto, Sta. Cruz noong Pebrero 2016 upang labanan ang pamiminsala ng mga ito.

Samantala, 32 organisasyong maka-kalikasan ang nagbuo ng 14-puntong adyenda para sa unang 100 araw ni Pangulong Rodrigo Duterte. Tampok sa mga ito ang pagbasura sa Mining Act of 1995, pagpapatigil ng malawakang pagmimina at sa pagtatayo ng mga *coal-fired power plant* (mga planta ng kuryente na pinatatakbo ng karbon), at paglutas ng mga problema sa *toxic waste* (basurang nakalalason). Hiningi din ng mga organisasyon kay Duterte na ibasura ang Executive Order 79 na pinirmahan ni Aquino noong 2012 na nagbawal sa mga lokal na gubyerno na isuspinde ang mga kontrata ng mga kumpanya sa kani-kanilang saklaw.

Kaugnay nito, hiningi ng organisasyong Kalipunan ng Katutubong Mamamayan ng Pilipinas (Katribu) kay DENR Sec. Gina Lopez na maging tapat sa kanyang paninindigan laban sa mapaminsalang pagmimina.

Hinikayat ng grupo na siyasatin ni Secretary Lopez ang lahat ng operasyon sa pagmimina at papanagutin ang mga sumisira sa kalikasan. Iginiit din ng Katribu na ipatigil ng gubyerno ang pag-aapruba ng mga bagong aplikasyon sa pagmimina. Aabot sa 60% ng mga naaprubahang aplikasyon ay sumasaklaw sa mga lupaing ninuno na nagreresulta sa pagkawasak ng kabuhayan ng mga katutubo.

Sa unang araw ng pag-upo ni Lopez sa DENR ay ipinag-utos nito na tapusin sa loob ng isang buwan ang pagsiyasat sa lahat ng operasyon sa pagmimina. Si Lopez ay nakaisa ng Kalikasan People's Network for the Environment sa paglaban sa mapaminsalang pagmimina sa Palawan at Mt. Lobo sa Batangas. AB

# Pinsalang dulot ng mga patakarang neoliberal sa industriya at agrikultura

*(Pang-apat sa serye kaugnay ng neoliberalismo. Sa unang mga bahagi, tinalakay ang kasaysayan ng neoliberalismo sa Pilipinas at ang serye ng mga batas at kautusang nagpatupad ng neoliberal na pribatisasyon, deregulasyon, liberalisasyon at denasyunalisasyon sa bansa.)*



Kabuuang pag-atras ng lokal na ekonomya at kabuhayan ng mamamayan ang epekto ng halos apatnapung taong pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal sa Pilipinas.

Nabansot ang industriyang nakatuon sa eksport. Hindi nito nagawang lumikha ng papalaking bilang ng hanapbuhay.

Lalong sumadsad ang agrikultura sa harap ng todong liberalisasyon ng kalakalan at pagbaha ng mga dayong produktong agrikultural. Nanatiling atrasado ang produksyong agrikultural. Dahil walang nililikhang bagong empleyo, palaki nang palaki ang bilang ng mga walang-hanapbuhay (nagiging manggagawang-bukid) sa kanayunan. Tanda ng tagibang na pag-unlad, tuluy-tuloy na lumaki ang sektor ng serbisyo, partikular sa pagtitingi.

Hungkag ang palagiang ipinamamaraling "solidong pundasyon" ng ekonomya. Ang totoo, ang lokal na ekonomya ay nananatiling di industriyalisado, atrasado at agraryo. Ang pagmamanupakturang nakatuon sa pag-eeksport ay nakasalalay sa importasyon ng mga makina at materyales. Nagresulta ito sa palagiang depisit sa kalakalan at siklo ng pangungutang para lumutang ang ekonomya.

Ilang dekada nang bangkarote ang estado dulot ng mababang kita matapos tanggalin ang mga taripa at di pagbubuwis sa malalaking kumpanya bilang insentibo. Para punan ito, ipinasa ng estado sa ordinaryong mamamayan ang paglikom ng kita ng gubyerno sa pamamagitan ng pagbubuwis sa kanilang kita, mga batayang produkto at serbisyo.

**De-industriyalisasyon**

Kumitid ang baseng industriyal kasabay ng lalong paghigpit ng pagkakatali ng lokal na produksyon sa mga inaangkat na kagamitan at materyales, dayuhang puhunan at utang. Ang lokal na mala-manupaktura ay nakarugtong sa internasyunal na kadena ng produksyon ng malalaking kapitalista. Hiwalay ito sa lokal na produksyong agrikultural at hindi nagsilbi sa pagbubuo ng ekonomyang nagsasarili. Binubuo nito ang lampas kalahati ng sektor ng industriya.

## Mga katutubo sa Northern Luzon, biktima ng militarisasyon

LABING-ANIM NA katutubong Aggay, kabilang ang mga kababaihan at bata, ang iniulat na dinukot ng mga sundalo ng 86th IB sa San Mariano, Isabela noong Hunyo 17.

Ayon sa Karapatan-Cagayan Valley, ang pagdukot sa mga katutubo ay naganap habang nag-ooperasyon ang 86th IB sa erya ng Tappa-Cadsalan-Buyasan. Sa isinagawang *search mission* ng Karapatan, Social Action Center ng Archdiocese of Ilagan City, at mga kinatawan ng LGU Isabela, iniulat ng mga katutubo na iligal ding hinalughog ng mga sundalo ang kanilang mga kubo.

Dagdag pa ng grupo, itinanggi ng 5th ID, ang kumand na namumuno sa naturang batalyon, na nasa kustodiya nila ang mga Aggay. Ngunit pinasinungalingan ito ng mga nakapanayam na katutubo na ilan sa kanilang mga katribu ang isinakay ng militar sa helikopter.

Samantala, kinundena ng Abra Human Rights Movement (AHRM) at Kakailian Salakniban Tay Amin a Nagtaudan (KASTAN CPA-Abra) ang pagdukot ng mga sundalo ng 27th IB sa apat na katutubong Tingguian noong Hunyo 25.

Kinilala ang mga katutubo na sina Teddy Ngitit Wagwagan, Godfrey Ngitit, Marvin Dugayon at Bello Batang-i, pawang mula sa Bangilo District.

Ayon sa AHRM at KASTAN, ang apat ay nangangaso sa kabundukan ng Malibcong nang makasalubong ang mga ito ng mga nag-ooperasyong militar. Dagdag pa ng grupo, noon lamang Hulyo 1 pinalaya ang mga katutubo at pinagbantaan pa ni Col. Thomas Baluga, punong upisyal ng 27th IB, na sasampahan ng kasong *illegal possession of firearms.*


## Tangkang pagpaslang sa mamamahayag, kinundena

KINUNDENA NG National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) ang tangkang pagpaslang sa brodkaster na si Saturnino "Jan" Estanio ng Radio Mindanao Network-dxRS sa Surigao City noong Hunyo 30.

Binaril si Estanio ng dalawang salarin na nakasakay sa motorsiklo. Nasugatan din ang kanyang 12-taong gulang na anak at isang kapitbahay. Ayon sa NUJP, malaki ang posibilidad na ang tangkang pagpatay sa mamamahayag ay may kaugnayan sa matinding pambabatikos nito sa iligal na droga at pasugalan, gayundin ang mga katiwalian sa ilang ahensya ng gubyerno. Si Estanio ay may panggabing programa sa dxRS.

Bago ang pag-atake sa kanya, sinabi ni Estanio na mayroong nagbabala sa kanya na maghinay-hinay sa pagbatikos sa iligal na pasugalan na laganap sa Surigao City.

Mula 7.6% noong dekada 1970, ang paglago ng industriya ay bumagsak sa 0.5% noong 1980 hanggang katapusan ng dekada 1990. Kasabay nito'y bumagsak mula 39% tungong 20% ang halagang ipinapasok nito sa lokal na produksyon.




Hindi lumalaki, at lumiit pa nga sa ilang panahon, ang bahagi ng industriya sa kabuuang empleyo. Nanatiling nasa 10% lamang ito noong dekada 1980 hanggang 1990 at bumaba pa tungong 9% sa dekada 2000. Lumaki ito tungong 15% sa 2010-15 pero dahil lamang sa pansamantalang pagsirit ng empleyo sa konstruksyon. Sa panahon ding ito, bumagsak tungong 8% ang bahagi ng empleyo sa pagmamanupaktura.

Mula mahigit sampung subsektor noong dekada 1970, nakakonsentra na lamang sa tatlong subsektor ang pagmamanupaktura para sa eksport mula katapusan ng dekada 1990: elektroniks, kasuotan at tela (garments at textile), at mga pyesang pansasakyan. Pagsapit ng huling bahagi ng 2000, 66% ng mga eksport ay nanggagaling na lamang sa subsektor ng mga pyesang pansasakyan.

Bumagsak sa panahong ito ang pagmamanupaktura ng pagkain at mga produktong agrikultural para sa eksport, mula 17% tungong 5%. Bumagsak rin ang produksyon ng kasuotan at tela, isa sa malalakas na subsektor sa dekada 1970, mula 21% tungong 5% .

Halos walang ugnay ang malaking bahagi ng manupaktura sa iba pang aspeto ng lokal na ekonomya. Limitado ang pagmanupaktura ng elektroniks sa pag-asembol, pagpakete at testing ng gawa nang mga pyesang elektroniko. Ang pagmamanupaktura ng mga pyesa ng sasakyan ay sumasaklaw lamang sa pagwewelding, pagpipintura, trimming at inspeksyon. Sa tela, walang pagpoproseso ng lokal na mga materyales kaya mahigit 80% ng ginagamit na materyal ay inaangkat mula sa China, Taiwan, Hongkong at India.

Konsentrado sa iilang kumpanya ang produksyon. Kung ihahambing ang produksyon ng apat na pinakamalalaking kumpanya sa lahat ng iba pa, halos lahat ng mga subsektor ay monopolisado ng iilan. Kabilang sa pinakakonsentrado ang mga subsektor ng pagpoproseso ng mga produktong petrolyo, pagkain, inumin, mga produktong tabako, semento, mga di-metal na produktong pangkonstruksyon tulad ng salamin, makina at gamit sa transportasyon, upisina at syensya. Ilan sa dambuhalang kumpanya ay pinatatakbo ng pinakamalalaking komprador at kanilang mga dayuhang kasosyo tulad ng San Miguel Corporation ni Eduardo Cojuangco at Fortune Tobacco ni Lucio Tan. Ang iba pa ay hawak ng mga subsidyaryo ng malalaking imperyalistang kumpanya tulad ng Texas Instruments.

Nilamon at pinatay ng mga dayuhang kapitalista at mga kasosyo nila ang maliliit at katamtamang-laking mga kumpanya na kalakha'y pagmamay-ari ng mga lokal na negosyante. Ipinakikita nito na malaking kabulastugan na bubuksan ng liberalisasyon ang pagkakataon para sa mas maraming "manlalaro" sa industriya. Noong 1997-2006, sa bawat tatlong bagong mamumuhunan, 20 empresa ang nagsara. Halos lahat nito'y maliliit, pinatatakbo ng mga negosyanteng Pilipino at nakatuon sa lokal na merkado.

Bagamat mayorya (89%) ng mga empresa ay nasa kategoryang "micro" (may isa hanggang siyam na manggagawa), wala sa katayuan ang mga ito na "makipagkumpetisyon" sa malalaking kumpanya. Umaabot lamang sa 7% ang ambag ng mga ito sa kabuuang produksyon. Di-signipikante ang bilang ng mga katamtamang-laking empresa (may 10-100 manggagawa). Noong 1996, umaabot lamang sa 1% ang kabuuang ambag ng mga ito sa kabuuang pagmamanupaktura at bumagsak pa sa 0.4% pagsapit ng 2006.

Sa subsektor ng manupaktura, nakakonsentra ang mayorya (53%) ng mga manggagawa sa malalaking kumpanya (may bilang ng manggagawa mula 100 pataas). Binubuo ng mga ito ang 0.8% ng kabuuang bilang ng mga empresa. Nasa 19% naman ng mga manggagawa ang nasa empresang "micro" habang ang 28% ay nasa mga *small and medium enterprise* (SME).

Ang produksyon ng mga SME ay hindi nakadugtong sa malalaking kumpanya. Ang produksyon ng malalaking pabrika ay eksklusibong nakasalalay sa imported na materyales at kagamitan. Hindi namuhunan ang mga kapitalista sa mga bagong makina at wala rin silang inilagak na puhunan para paunlarin ang lakas-paggawa.

**Pagbulusok ng agrikultura**

Sa ilalim ng mga patakarang neoliberal, nanatiling maliitan, atrasado at hiwa-hiwalay ang produksyon sa agrikultura sa kalakhan habang tuluy-tuloy ang pagpasok ng dayuhang agribisnes (binhi, abono at pestisidyo) sa sektor. Kasabay nito, pinilay ng pagbaha ng inangkat na mga produktong agrikultural ang lokal na produksyon at pinalawak nang ilandaan libong ektarya ang mga asyenda at kapitalistang plantasyon para sa produksyon na nakatuon sa eksport.

Mula 1980, bumagsak ang kabuuang bahagi ng agrikultura mula sangkatlo (1/3) tungong 1/12 na lamang ng GDP pagsapit ng 2010. Mula dekada 1980 hanggang 2000, wala pang 3% ang abereyds na paglago ng agrikultura. Malayo ito sa inabot na rurok ng paglago noong dekada 1970 na 7.4%. Sa kabilang banda, lumaki tungong 15% ang bahagi ng agribisnes sa GDP.

Nananatiling kontrolado ng iilang pamilyang panginoong maylupa ang kalakhan ng mga sakahan at lupang agrikultural. Bigo ang CARP sa pamamahagi ng lupa kahit sa neoliberal na balangkas nito. Sa loob ng 27 taon, 88% lamang ng kabuuang target nito ang naipamahagi. Nasa 76% ng mga "benepisyaryo" ng CARP ang hindi makapagbayad ng amortisasyon at nanganganib na mabawi ang titulo. Nasa 9.7% lamang ang nakapagbayad habang may 15% pa ang naghuhulog.

Lalong napaiilalim sa komersyal na produksyon ang maliliit na bukirin. Kasabay nito ang pagtindi ng presensya at dominasyon ng mga dayuhang kumpanya sa agribisnes sa kabuuang proseso ng produksyon. Dinodominahan nila ang suplay ng binhi, abono at iba pang pangangailangan sa produksyon. Ang mga ito rin ang nasa likod ng mga "contract growing" para itulak ang produksyon ng kamoteng kahoy, *oil palm, rubber tree* at iba pang kailangan nila para sa eksport o lokal na pagpoproseso. Nasasaklaw ngayon nitong mga “agrarian venture agreements” ang 1.2 milyong ektarya ng mga lupaing agrikultural. Ang mga ito'y may bisang 5-75 taon. Bukod pa rito ang malalaking plantasyon na pinatatakbo ng iilang malalaking kumpanyang dayuhan at mga lokal na kumprador.

Noong dekada 1970, kabilang sa pangunahing produktong agrikultural ng bansa ang niyog, saging at manok. Pagsapit ng 1980, bumagsak ang halos lahat ng subsektor ng agrikultura, liban sa karne. Sa panahon ding ito, nasaid ang rekursong pangkagubatan, na isa sa pinakamalaking pinagkukunan ng mga produktong agrikultural, dulot ng malakihang pagtotroso ng mga dayuhan at lokal na kumpanya.

Mula dekada 2000, tuluy-tuloy na bumagsak ang produksyon ng niyog, tubo at iba pang tradisyunal na pananim. Tumaas lamang ang produksyon ng mais matapos lumipat ang mga magsasaka sa pagtatanim ng mais para sa konsumo tungo sa pagtatanim na para sa patuka o pagkain ng hayop.

Dulot ng pagpapalit-gamit, lumiit pang lalo ang kabuuang lupa para sa pagtatanim. Mula 2.5 ektarya noong 1975, ang karaniwang laki ng mga sakahan ay nasa dalawang ektarya na lamang noong dekada 2000.

Sa usapin ng saklaw na lupa, pinakamalawak pa rin ang tinatamnan ng palay, kasunod ang iba pang tradisyunal na produkto tulad ng mais, niyog at tubo. Gayunpaman, humina ang produksyon nito kumpara sa lokal na pangangailangan dulot ng malawakang kumbersyon ng mga palayan. Pabagsak ang padron ng ani ng palay sa nakaraang 30 taon. Pagsapit ng dekada 2000, naging pinakamalaking importer ng bigas ang Pilipinas sa buong mundo.

Sa larangan ng pangisdaan, bumagsak ang ani para sa lokal na konsumo habang lumaki ang komersyal na pangingisda at *aquaculture* na nakatuon sa eksport. Lumaki nang 75% ang bolyum ng *aquaculture* mula 1.2 milyong metriko tonelada (MT) noong 1974 tungong 4.7 milyong MT sa 2013. Samantala, lumaki lamang nang 15% ang huli ng maliliit na mangingisdang munisipal sa loob ng mahigit dalawang dekada. Noong 1984-2013, lumaki nang 65% ang produktong pandagat na iniluluwas ng bansa. Kasabay nito, lumaki nang 100% ang inaangkat na isdang pangkonsumo dulot ng oryentasyong pang-eksport ng pangisdaan ng bansa. AB



# Pang-aatake ng US sa Cuba sa tabing ng "normalisasyon"



Nababahala ang mga anti-imperyalistang bayan sa mapanghimasok na mga hakbang ng imperyalismong US sa Latin America. Ani President Raul Castro ng Cuba sa kanyang talumpati sa Association of Caribbean States noong Hunyo 4 sa Havana: "Hindi tayo maaaring magwalang-bahala sa harap ng kaguluhan sa Latin America at Carribean, na resulta ng imperyalista at oligarkistang kontra-opensiba laban sa mga popular at progresibong gubyerno."

Patuloy ang panghihimasok at iba't ibang porma ng panggigipit ng imperyalismong US sa mga bayan ng Latin America. Nagpasimuno ito ng kudeta sa presidente ng Brazil at panggugulo para pabagsakin ang rehimen ng Venezuela. *(Basahin sa Ang Bayan, Hunyo 21, 2016.)*

Sa likod ng diumano'y normalisasyon ng relasyon nito sa Cuba, dinidistrungka ng US ang pulitika at ekonomya ng bansang balwarte ng anti-imperyalismo.

Ang gayong "normalisasyon" ay inianunsyo ni US President Barack Obama noong Disyembre 2014. Diumano'y tinatapos nito ang mahigit kalahating siglo ng imperyalistang panggigipit sa Cuba nang makaupo sa poder noong 1959 ang mga pwersang anti-imperyalista at deklaradong sosyalista sa pamumuno ni Fidel Castro.

Ang kasunduang "normalisasyon" ay nabuo sa isang taon ng lihim na mga usapan sa Canada. Noong Marso, bumisita si Obama sa Cuba, kasama ang midya ng US. Ipinangalandakan niyang iyon na ang makasaysayang hakbang na magbabago sa buong Latin America.

Ngunit ilang buwan makaraan nito, hindi pa rin umuusad ang pangako niyang isara ang Guantanamo Naval Base na base militar ng US na iligal na nakatayo sa teritoryo ng Cuba. Narito ang mga bilangguang bantog sa makahayop na pagtotortyur ng mga sundalong Amerikano sa mga inaakusahan nitong terorista.

Hindi pa rin inaalis ng US ang ipinataw nitong embargo sa kalakalan. Sa kabilang panig, lumalakas ang pangamba ng mamamayan ng Cuba sa "normalisasyon" dahil sa mga panganib na dulot ng pagbubukas ng ugnayan sa US.

Ang pagbubukas ng relasyon sa Cuba ay hakbang ng imperyalismong US upang makapagpalawak ng bagong saklaw ng impluwensyang mapaglalagakan ng kanyang puhunan sa Latin America.

Mula nang magbukas ng diplomatikong relasyon noong 2014, pumasok na ang mga komersyal na ugnayan sa telekomunikasyon at byahe sa eroplano. Nabuo ang sistema ng direktang koreyo, at nakakuha ng pahintulot ang Starwood Hotels & Resorts Worldwide na magtayo ng tatlong hotel panturista sa Havana, kabisera ng Cuba.

Kahit nakatuon ang pansin ng US sa "pagpihit sa Asya", pinatatatag nito ang pusisyon sa Central America, na itinuturing nitong kanyang bakuran. Sa pamamagitan ng idineklarang "normalisasyon", nais ng US na papaniwalain ang mamamayang Cubano na ito'y hindi na nila kaaway, upang mailagay ito sa mas magandang katayuan para itulak ang mga pagbabago sa Cuba na pabor sa interes ng US.

Mahigit limang dekada nang sinisikap ng US na pabagsakin ang gubyerno ng Cuba mula pa nang makalaya ito sa diktadurang Batista na papet ng US. Mahigit dalawandaang beses na pinagplanuhan ang asasinasyon sa dating presidenteng Fidel Castro.

Mahigit kalahating siglong ipinataw ang embargo sa kalakalan, bagamat tinatayang nagdudulot rin ito ng mahigit $1.2 bilyon taun-taong kawalan sa ekonomya ng US mismo. Noong 1961, nilusob ng US ang Bay of Pigs at noong 1976 ay binomba ang isang eroplanong Cuban na ikinasawi ng 73 katao. Gumagastos din ang gubyerno ng US ng $27 milyon taun-taon, o kalahating bilyon sa lumipas na 20 taon, upang magbrodkas ng imperyalistang propaganda sa Radio at TV Martí, gayong napipigilan naman ng gubyernong Cuba ang signal nito.

Ngayon, inaasahan ng US na magtagumpay ang kanyang estratehiya ng ugnayang pang-ekonomya kung saan nabigo ang mga estratehiyang kumprontasyon noong Cold War.

Sa pagbisita ni Obama noong Marso, pinahintulutan siyang magbrodkas ng talumpati sa radyo direkta sa mamamayan ng Cuba. Ngunit ikinagalit ng gubyernong Castro at maraming mamamayan nang manawagan siya ng "pulitikal na kalayaan at demokrasya." Nagpahayag si Raul Castro na alam nila ang layunin ng US na makakuha ng mga taga-Cuba na gagamitin nilang ahente para wakasan ang rebolusyon. Aniya, "pareho ang mga layunin, nagbago lang ang paraan."

Ayon naman sa dating presidente na si Fidel Castro, "nababalot ng pulot" ang mga salita ni Obama at humihinging kalimutan ng mamamayang Cubano ang "malupit na blokeyo na tumagal na nang halos 60 taon". Dagdag niya, "Hindi namin kailangan ang mga regalo mula sa imperyo."

Inireklamo rin ng mamamayan ang pagdagsa ng mga turista, mga *fashion show* at *shooting* ng pelikula kung saan ininsulto ang kultura at moralidad ng bayan at isinaisantabi ang karaniwang mamamayan. Inilathala ng ilang manunulat na dapat ipaglaban ang pambansang soberanya sa lahat ng panahon, at igiit ang paggalang sa dignidad ng bawat mamamayan.

Ang pagbibigay-pansin ng US sa Cuba bilang larangan ng pamumuhunan ay naghimok sa iba pang imperyalistang bayan na makipag-ugnayan din. Siyam na araw bago ang bisita ni Obama, nakipagpirmahan ang European Union ng kasunduan sa pagtutulungang pang-ekonomya at pakikipagkalakalan.

Sa paimbabaw na diplomatikong pakikipagmabutihan, sinasamantala ng US ang krisis pang-ekonomya at pampulitika sa Latin America upang maibagsak ang gubyernong Castro ng Cuba. Ang Venezuela, na pangunahing katambal ng Cuba sa kalakalan at nagsusuplay ng 95,000 bariles ng murang-halagang langis bawat araw, ay ginugulo ng imperyalismo.

Ang Brazil na isa sa pangunahing tagasuplay ng pagkain sa Cuba, tagapagpautang at kasosyo sa mga industriya ng tabako at asukal, ay ginulo rin. Kumikita ang Cuba ng $12 bilyon bawat taon mula sa mga serbisyong medikal sa dalawang bayan na ito. Ipinahayag ng bagong pansamantalang presidente ng Brazil, si Temer na iniluklok ng US, na hindi na sila magdaragdag sa 11,400 Cubanong duktor sa Brazil, at hindi ipadadala sa Cuba ang bayad sa serbisyo kundi sa mga duktor na lamang ito ibibigay.

Nagbukas ang Cuba sa diplomatikong relasyon sa US sa harap ng serye ng mga pang-ekonomyang hakbangin upang makatugon sa mga pang-ekonomyang problemang dulot ng panliligalig ng US sa Latin America at Carribean. Inaasahan ng Cuba na ang gayong "normalisasyon" ay magbubukas ng pakikipagkalakalan nito sa iba't ibang bansa. Ang pakikipagkalakalan sa iba't ibang bansa ay krusyal para sa Cuba lalo't malaking bahagi ng pangangailangan nito'y nakatali sa dayong pakikipagkalakalan. Sa kabila ng embargo, tuluy-tuloy ang pagpapalakas ng pakikipagtulungan nito sa mga mapagkaibigang gubyerno sa Latin America.

Limitado man ang rekurso, inilalaan ng Cuba ang malaking bahagi ng rekurso nito para maibigay ang mataas na antas ng serbisyong panlipunan sa mamamayan. Ito ngayon ang isa sa mga bayang may pinakamahusay na sistemang pangkalusugan at pang-edukasyon sa buong mundo. Itinakda itong modelo ng United Nations at World Health Organization para sa pagkamit ng mahusay na serbisyong panlipunan sa mahihirap na bansa. Nangunguna rin ito sa mahusay na segurong panlipunan, pabahay at pinakamababang tantos ng disempleyo.

Ang pagtanggal ng US ng pagbabawal sa mamamayan nitong bumisita sa Cuba ay inaasahang makadagdag ng kita mula sa turismo. Tumaas nga ang kita mula sa turismo noong nakaraang taon, ngunit wala itong sangkatlo sa nakasanayan nang $7 bilyong kita mula sa mga ineeksport na programang pang-edukasyon at pangkalusugan noong 2014.

Pinahintulutan na ng Cuba noong 2011 ang maliitang pribadong empresa at dayuhang pangangapital. Noong Mayo ay nagbukas na rin sa panggitnang mga negosyo at pamumuhunang dayuhan. Ngunit muling pinagtibay sa kongreso ng Partido Komunista ng Cuba noong Abril na hindi magpapatupad ng pribatisasyon sa mga pag-aari ng estado at ng mga serbisyong panlipunan tulad ng edukasyon, kalusugan at segurong panlipunan. Inilinaw din sa kongreso na wala silang layon na magtungo sa kapitalismo, at binigyang-diin na ang panlipunang pag-aari at kooperatiba ay higit na mabuti kaysa pribadong pag-aari. AB

# Brexit: Salamin ng disgusto sa neoliberalismo at krisis ng kapitalismo


Noong Hunyo 25, bumoto sa isang reperendum ang mayorya ng mamamayan ng United Kingdom para umalis sa European Union (EU). Tinapos nito ang halos pitong dekadang pamamalagi ng bansa sa European Economic Community (EEC), ang kaayusan na nagsilbing tuntungan para mabuo ang EU noong 1992. Ang EU ay isang blokeng pang-ekonomya na binubuo ng 28 bansa ng Europe at kanugnog nitong rehiyon.

Ang tinaguriang Brexit o British Exit ay yumanig sa mga pamilihan sa buong mundo at nagdudulot ng ligalig sa Europe. Nagbunsod ito ng di bababa sa 34 panukala para sa katulad na mga reperendum sa ibang bansa.

Ang pagpanalo ng botong Brexit ay nagsasalamin sa pagnanais ng uring manggagawa at mamamayan ng UK na tapusin ang dinaranas nilang matinding krisis sa ekonomya at lipunan. Sinalamin din nito ang kanilang galit at pagtakwil sa mga patakarang neoliberal na itinutulak ng EU, kasama ng International Monetary Fund, na bumaklas sa mga tagumpay at serbisyo na dekadekadang ipinaglaban ng kanilang mga kilusan at unyon.

Kasabay nito, sinamantala ng

mga maka-Kanan at ultra-nasyunalistang grupo sa Brexit ang mga hinaing ng mamamayan para igiit ang mga patakarang kontra-dayuhan at kontra-manggagawa. Isinisisi ng mga grupong ito, sa pangunguna ng United Kingdom Independence Party, ang mataas na tantos ng disempleyo sa mga dayo o imigrant dahil inaagaw diumano nito ang mga trabahong dapat napupunta sa mga British.



Kinakatawan ng mga ito ang malakas na agos ng rasismo at diskriminasyon laban sa mga dayuhang pamilya na naghahanap ng mas mabuting buhay sa Europe. Sa nagdaang mga taon, daanlibong refugee mula sa Middle East at Africa ang desperadong makapasok sa UK at iba pang bansa sa Europe para takasan ang mga gerang agresyon ng US na buong-buong sinusuportahan ng parlamento ng UK.

Sa ilalim ng kaayusang neoliberal, lumala nang lumala ang kalagayan ng mamamayan sa UK. Umarangkada ang pagbabawas ng badyet para sa mga benepisyo at serbisyong sosyal mula 2009. Pinakamataas rito ang pagbawas sa pensyon (35% mula 2010), subsidyo sa pagkain at proteksyon mula sa mga kalamidad (30%) at pondo ng mga lokal na pamahalaan na nakatuon sa mga komunidad (51%). Bilyunbilyong *pound* (salapi ng UK) ang iniatras para sa mga programang nakatuon sa pinakabulnerableng sektor ng kanilang lipunan, tulad ng mga imigrant, mga biktima ng abuso at mga indibidwal na may kapansanan. Sa susunod na apat na taon (2016-2020), balak pang bawasan nang hanggang 40% ng gubyernong UK ang mga serbisyong sosyal.

Sa pamamagitan ng botong Brexit, pinalakas ng mamamayan ng UK ang panawagang ibasura ang mga patakaran sa pagtitipid, itigil ang mga programa ng pribatisasyon at pagdistrungka sa libreng sistemang pangkalusugan, at planong pagsisante ng dagdag na daanlibo pang empleyado sa gubyerno. Kabilang din sa pinakahuling panawagan ang muling pagsasabansa sa kanilang sistema sa transportasyon, pagtigil ng komersyalisasyon ng pampublikong edukasyon at muling pagpapatupad ng benepisyong pabahay. Pinababawasan din nila ang pagbubuwis na ginagamit lang naman ng gubyerno para isalba ang mga negosyo ng malalaking kapitalista at bangko.

Gayunpaman, hindi mareresolba ng Brexit ang batayang mga usaping kinakaharap ngayon ng mamamayan sa UK. Liban sa mataas na tantos ng disempleyo, tigil ang ekonomya ng bansa at lubog ito sa utang.

Binabasag ang ilusyon ng neoliberal na globalisasyon sa pananaig ng Brexit at pagnanais ng iba pang maka-Kanang grupo sa Europe na lumabas sa EU. Ipinakita nito na taliwas sa doktrina ng liberalisasyon at deregulasyon, nananatiling prayoridad ng mga monopolyo kapitalista ang pagtatanggol sa sariling interes sa pamamagitan ng mga regulasyon sa pamumuhunan at mga proteksyunistang patakaran sa kalakalan.

Sa mahabang panahon, nagsilbi ang EU bilang instrumento ng malalaking kapitalistang bansa laban sa mas maliliit at atrasadong bansa sa Europe. Ginamit nito ang kontrol sa salapi para brasuhin ang Greece, Portugal, Spain, Ireland at iba pa para ipatupad ang masasahol na patakarang neoliberal sa kapinsalaan ng kani-kanilang mga ekonomya at mamamayan. Noong nakaraang taon lamang, ginipit nito ang Greece para signipikanteng bawasan ang mga serbisyo at benepisyong panlipunan kapalit ng panibagong pautang.

Sa gitna ng krisis sa ekonomya at pinansya sa buong daigdig, lalupang tumindi ang kumpetisyon at girian sa pagitan ng pinakamalalaking kapitalistang bansa sa loob ng EU. Hindi lahat ng mga kasapi ng EU ang buong nagpailalim sa kontrol nito. Ang UK, halimbawa, ay tumangging gumamit ng salaping Euro para sa kalakalan nito. Gayundin, may ilang patakaran ang EU na nagpataw ng mga limitasyon sa pamumuhunan ng mga myembrong bansa nito. Kabilang dito ang mga restriksyon sa pamumuhunan sa China.

Ang pananaig ng Brexit ay palatandaan ng paghina ng monopolyo kapitalismo ng Britain at ng EU sa pangkalahatan. Gayunpaman, dahil walang malakas na partido ng proletaryo sa UK, walang mahusay na nakapagpaliwanag sa mamamayan na ang mga ugat ng papatinding krisis sa ekonomya at kabuhayan ay dulot ng kapitalismo at pinalala ng mga patakarang neoliberal. Dahil dito, madaling nasakyan ng mga maka-Kanan at ultra-nasyunalistang grupo ang laban at naipalaganap ang kanilang kontra-imigrant at kontra-*refugee* na paninindigan.

Sa malalaking kapitalistang bansa tulad ng The Netherlands, Germany at France, nagbunsod ang Brexit ng panibagong tulak sa mga ultra-nasyunalistang grupo. Pero sa mga bansang Greece, Portugal, Spain at Italy, maaaring magbunsod ito ng panibagong tulak sa mga maka-Kaliwang partido at grupong nanawagan laban sa mga dikta ng mga monopolyo kapitalista na kinakatawan ng EU. AB